ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LVII Blg. 14
Hulyo 21, 2026
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Labanan ang panggegera, pandarambong ng US at papet na rehimeng Marcos

Bagong antas ng pambansang pang-aapi ang dinaranas ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng rehimeng US-Marcos. Kasabwat ang papet na presidente na si Ferdinand Marcos Jr, pahigpit nang pahigpit ang pagsakal ng imperyalismong US sa Pilipinas. Lalong tumitindi ang paggamit ng imperyalismong US sa Pilipinas sa paghahanda at pang-uupat ng gera laban sa karibal na China, ang paghuthot nito sa yaman ng Pilipinas at paggatong sa pasistang paniniil laban sa bayan. Dapat mahigpit na magkaisa ang sambayanang Pilipino upang labanan ang imperyalistang gera at pandarambong, at iligtas ang bansa sa tiyak na kapahamakan at ibayong pagdurusa.

Magtatalumpati si Marcos sa kanyang ikalimang *state of the nation address* (SONA) sa gitna ng tumitinding krisis sa ekonomya at pasismo. Haharap siya sa tulad niyang mga korap, masiba at bundat na dinastiyang kinatawan ng mga naghaharing uri. Lulunurin ng kanilang palakpak ang hinaing ng masang anakpawis sa kanayunan at kalunsuran, na hikahos sa gitna ng pagsirit ng presyo ng langis, pagkain at ibang bilihin. Bumubulusok ang antas ng kanilang pamumuhay sa kabila ng maghapong kayod-kalabaw na paghahanapbuhay, habang busog sa yaman ang malalaking burgesyang kumprador, panginoong maylupa at burukratang kapitalista.

Isa na si Marcos sa pinakamasunurin sa mga naging papet ng imperyalismong US sa malakolonyal na kasaysayan ng bansa. Ibinuyangyang niya ang bansa sa pamamayagpag ng pwersang militar ng US. Pinahintulutan niya ang mga base militar nito, ang pagpwesto ng libu-libong tropang Amerikano, pag-iimbak ng kanilang mga misayl, *drone* at iba pang kagamitang pandigma, at walang katapusang paggamit para sa pag-eensayo sa gera.

Ipinagmamalaki ni Marcos ang soberanong karapatan ng bansa sa West Philippine Sea, pero pikit-mata sa nakadaong na dambuhalang mga *aircraft carrier* at barkong nabal ng US, kasama ang pwersang militar ng Japan, sa karagatan ng bansa. Hindi siya umalma nang isinapeligro ng US ang buhay ng milyun-milyong Pilipinong dinaanan ng pinalipad na Tomahawk misayl mula Leyte hanggang Nueva Ecija. Mahigit 500 operasyon ang isinasagawa ng US sa Pilipinas, na magpapalawak ng paggamit sa mga sibilyang pasilidad para sa gamit militar, kabilang ang mga daungan sa Cagayan de Oro at Cebu, imbakan ng langis sa Davao, at paliparan sa Sangley Point sa Cavite. Panggogoyo ang sinasabing para sa "humanitarian and di-



saster response" ang mga ito, gayong ilang kalamidad na ang dumaan na walang inihatid na tulong sa mga biktima. Bagkus perwisyo ang kanilang hatid sa masa saanman at tuwing nag-eehersisyong militar.

Tulad ng kanyang amo, bulag na nagpapagamit si Defense Sec. Gilbert Teodoro at mga upisyal ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa militarismo ng US sa Asia, alinsunod sa estratehiyang "palibutan" at "pigilan ang paglago" ng China. Sa tulak ng US, puspusan ngayong iginigiit ni Teodoro na maglaan ng apat na porsyento ng GDP (katumbas ang ₱1.17 trilyon) para sa gastusing militar, matapos itinaas ng 12% ang badyet ng AFP ngayong 2026. Ang militaristang badyet ni Marcos ay hindi para sa pagtatanggol ng bansa, kundi para sa paghahanda sa gera ng imperyalismong US.

Pinapaspasan ngayon ang mga hakbang para simulan ang operasyon ng 1,620-ektaryang Pax Silica "economic security zone" (ESZ) ng US sa New Clark City sa Tarlac at Pampanga. Pinananabikan ni Marcos ang pagdating sa Nobyembre ni Donald Trump, hibang na president ng US, para pasinayaan ang ESZ. Balak na dito ilipat ang mga "data center" ng mga kumpanyang Amerikano na marami ay ipinasasara na sa US dahil matakaw sa tubig at kuryente, na kumakain sa limitadong rekurso ng mga komunidad sa paligid. Balak ding itayo ang mga pabrika ng armas, kasosyo ang mga kumpanyang Israeli, na nasa likod ng henosidyo laban sa mamamayang Palestino sa Gaza, at mga gera ng US sa Middle East.

Bibisita sa bansa ngayong linggo si US State Sec. Marco Rubio. Bahagi ito ng tulak ng US na pahigpitin ang kontrol sa bansa at ipataw ang pasya nito sa iba't ibang panig ng mundo. Gagawin ito matapos muling simulan ng US ang pambobomba sa Iran sa layong paluhurin ito sa mga dikta ng US na kontrolin ang yamang langis ng bansa. Kamakailan, inianunsyo ni Rubio na isusulong ng US ang paglalansag sa International Criminal Court, upang alisan ito ng kapangyarihang isakdal, arestuhin at litisin ang mga upisyal ng US at Israel na sangkot sa mga krimen sa digma at krimen sa sangkatauhan.

Sa udyok ng mga tagapayong militar ng US, patuloy na pinatitindi ng rehimeng Marcos ang pasistang atake at panlilinlang sa mamamayan. Ang sinumang tumitindig para ipaglaban ang pambansang kalayaan laban sa imperyalismong US ay binabansagang "terorista" para bigyang-matwid ang armadong pagsupil at paghahasik ng terorismo ng estado. Kabi-kabila ang paghahambog na "nagupo na" ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa iba't ibang prubinsya. Layon nitong sindakin ang mamamayan at engganyuhin ang pandarambong ng mga dayuhang kumpanya sa pagmimina, plantasyon at "renewable energy." Habang nagdedeklarang "insurgency-free," walang awat ang mga operasyong militar ng AFP sa mga larangang gerilya ng BHB sa buong bansa, sa tangkang pigilan ang patuloy na paglawak at paglalim ng ugat nito sa malawak na masa sa kanayunan.

Napakahigpit ng pangangailangan ngayong magkaisa ang sambayanang Pilipino laban sa imperyalistang gera at pandarambong, at laban sa ganap na pagsuko ng rehimeng Marcos sa kasarinlan ng bansa. Kaligtasan at kinabukasan ng buong bayan ang nakataya sa mga paglaban na ito. Hindi dapat hayaang magtagumpay ang imperyalismong US sa buhong nitong pakana na pasiklabin ang gera, kaladkarin ang Pilipinas, at kamkamin ang lupa at yaman ng bansa para sa kanyang Pax Silica.

Ang paglaban sa imperyalistang gera at pandarambong ay bahagi ng pambansa-demokratikong pakikibaka. Dapat ibayong palawakin at palakasin ang organisadong lakas ng sambayanan laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Sa pamumuno ng Partido, tiyak na susulong ang armadong paglaban at lahat ng anyo ng pakikibaka para isulong ang pambansa at demokratikong hangarin ng sambayanan. Mahaba man at mahirap, ang landas ng digmang bayan ang tanging landas tungo sa pagpapalaya ng bansa. AB

ANG Bayan

Tomo LVII Blg. 14 | Hulyo 21, 2026

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Labanan ang panggegera, pandarambong ng US at papet na rehimeng Marcos 1
Tropa ng 62nd IB, inambus ng BHB-Central Negros 3
Pagkilos kontra ika-5 SONA ni Marcos, kasado na 3
Ang ilusyong SIPS ni Marcos at ng AFP 4
Ang madugong rekord ni Gen. Romeo Brawner Jr 5
2016 PCA *arbitral ruling*, winawaldas ni Marcos 6
Pangangamkam sa lupang ninuno ng mga Aeta 7
Pax Silica: Pahamak sa manggagawang Pilipino 7
Sa madaling salita 8
Kalagayan ng magsasaka ng palay sa ST 9
Mga protesta 10
Pagpapanday sa pakikibaka ng mga Amerikano 11
Militarisasyon ng AFP sa mga komunidad 12
Welga sa prabrika ng asukal sa US 12

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph cpp_angbayan

# 7-kataong yunit ng 62nd IB, inambus ng BHB-Central Negros

Pinaputukan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) ang 7-kataong tim ng 62nd IB sa Sityo Balingos, Barangay Hinakpan, Guihulngan City, Negros Oriental noong Hulyo 1 ng hapon. Isang sundalo ang napatay, habang tatlo ang nasugatan. Limang metro ang layo ng mga Pulang mandirigma sa pasistang pwersa nang kanila itong pinaputukan.

Ang tropa ng 62nd IB na pinatamaan ng BHB ay nagsisilbing *blocking force* ng ilampu pang tropa na naglulunsad ng kampanyang pagkubkob at paglipol sa yunit ng BHB. Nagmamaniobra palabas ng pag-ensirkulo ang yunit ng BHB nang napansin nila ang maliit na yunit ng militar.

"Upang pagtakpan ng militar ang kanilang kahihiyan, sadyang itinago nila sa publiko ang kanilang kaswalti sa nangyaring labanan," ayon kay Regalado. Ayon sa yunit, malaking sampal sa militar ang pagatake ng BHB lalo at malawak ang saklaw ng *focused and sustained military operations* sa Central Negros.

Samantala, ipinatupad ng Special Partisan Unit (SPARU) ng BHB-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command) ang kaparusahang kamatayan laban sa ahenteng militar na si Jerome Ceballos, 59 taong gulang, sa Sityo Singko, Barangay Gawahaon, Victorias City, Negros Occidental noong Hulyo 10. Nakumpiska sa kanya ang isang .45 na baril.

Ang aksyong pamarusa ay alinsunod sa atas ng lokal na rebolusyonaryong hukumang bayan matapos mapatunayang maysala si Ceballos sa patung-patong na mga krimen laban sa rebolusyon at sa masang Negrosanon. Sa imbestigasyon ng rebolusyonaryong hukuman, napatunayang espiya siya ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP). Inatasan siya ng militar na makipag-ugnayan sa rebolusyonaryong kilusan, magkunwaring alyado, at magmanman sa mga kilos ng BHB sa erya.

Kabilang sa kanyang mga krimen sa ang nangyaring masaker sa Negros 19 noong Abril 19 sa Barangay Salamanca, Toboso. Pinatay ng 79th IB sa masaker ang 10 Pulang mandirigma ng BHB-Northern Negros at siyam na hindi armadong indibidwal. Responsable rin si Ceballos sa pagdukot, pagtortyur at pagpatay ng militar at pulis kina Nonoy Ponteras (Ka Jojo), upisyal ng National Democratic Front-Negros, at istap na si Marisa Pobresa (Ka Kim) noong Marso 2025. AB

# Pagkilos laban sa ika-5 SONA ni Marcos, kasado na




Kasado na ang protesta laban sa ikalimang SONA o *state of the nation address* ni Ferdinand Marcos Jr sa Hulyo 27. Sa araw na ito, 20,000 pulis ang inihanda ng estado para pigilan ang mga raliyista na makalapit sa Kongreso kung saan tiyak na ipagmamayabang ni Marcos ang kunwa'y mga "tagumpay" ng kanyang rehimen.

Sa nakaraang mga araw, isinagawa ng iba't ibang grupo ang pagsisiwalat ng tunay na kalagayan ng mamamayan sa gitna ng matinding krisis sa kabuhayan. Idiniin ng mga pambansa-demokratikong organisasyon na bahagi ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) na sa ilalim ng paghahari ni Marcos, hindi lamang naghirap ang mga Pilipino, isinadlak pa nito ang sambayanan sa peligro dahil sa pagpapakatuta niya sa imperyalismong US at pangangayupapa niya sa presidente nitong si Donald Trump. Ayon sa Bayan, lalong itinali ni Marcos ang bansa sa mga patakaran ng US at kinaladkad ang mamamayan sa mga imperyalistang giriian sa pagitan nito at China.

Binatikos nito ang rehimen sa pananahimik sa pang-aatake ng US sa Iran, na nagdulot ng matinding kaguluhan sa suplay ng langis at nagpasirit ng presyo sa halos lahat ng kalakal sa buong mundo. Malubha ang epekto nito sa mamamayang Pilipino na dati nang naghihikahos dahil sa taas ng presyo ng mga bilihin at singil at serbisyo, at nakapakong mga sahod at sweldo. Kinutya nila ang tugong ayuda ni Marcos na napakaliit at limitado. Ito ay habang binigyan niya ng laya ang mga kumpanya ng langis at mga pribadong kumpanya sa yutilidad na itaas pa ang singil sa batayang mga serbisyo.

Samantala, gumulong na ang paglilitis para sa *impeachment* ni Sara Duterte sa Senado. Litaw mula sa unang araw hangang huli ang gitgitan ng mga senador. Dala ng mas malaking grupo ang adyenda ng pangkating Marcos na pigilan si Duterte na makatakbo sa 2028, habang ang mas maliit na grupo ay ginagawa ang lahat para ibalam, idiskaril at kalauna'y ipawalang-sala si Duterte sa kanyang mga krimen. Nakamasid sa kanilang girian ang mamamayan na ang hangarin ay makita at marinig ang mga ebidensya ng pagkakasala ni Duterte at mahatulan siya sa mga kasong korapsyon at pagtataksil sa tiwala ng publiko.

Kasabay nito, patuloy nilang sinisingil si Marcos bilang nasa tuktok ng korapsyon sa palpak at *ghost* na mga proyektong *flood control*, na kunwa'y isiniwalat niya sa kanyang nagdaang SONA. AB

# Ang ilusyong SIPS ni Marcos at ng AFP

Nananaginip nang gising si Ferdinand Marcos Jr at kanyang mga upisyal militar sa sunud-sunod na pagdedeklara ng Stable Internal Peace and Security (SIPS) sa mga prubinsya at rehiyon noong Hunyo. Naghahabol siya nang maipagmamalaking "tagumpay" laban sa rebolusyonaryong kilusan sa ika-limang *state of the nation address* (SONA) sa Hulyo 27, karugtong ng deklarasyon sa huling SONA noong Hulyo 2025 na "wala nang grupong gerilya."

Hibang na idineklara ng rehimen bilang SIPS ang mga rehiyon ng Cordillera, Cagayan Valley, Calabarzon (bahagi ng Southern Tagalog) at Caraga. Nagkukumahog rin niyang idineklarang SIPS ang mga bayan at prubinsya sa Bicol, Eastern Visayas at Northern Mindanao.

Nauna nang idineklarang SIPS noong 2022 ang buong Ilocos, Zamboanga Peninsula, at Davao, at ang Negros Island noong 2024. Arbitraryong ipinailalim sa SIPS ang marami pang mga bayan, syudad at prubinsya sa nagdaang apat na taon sa layuning ideklara ang buu-buong mga rehiyon. Target ni Marcos na ideklarang SIPS ang buong bansa sa 2028, bago magtapos ang kanyang termino.

**Para kanino?**

Ang SIPS ay itinuturing ng rehimen bilang pinakamataas na antas ng "kapayapaan" sa isang takdang lugar. Kategorya ito para sa mga bayan, prubinsya at rehiyong sinasabing "kontrolado na ang insurhensya" at "handa na sa kaunlaran". Nakabalangkas ito sa doktrinang "whole-of-nation approach" sa kumpas ng National Task Force (NTF)-Elcac, na pinagtibay ng National Action Plan for Unity, Peace and Development noong 2025.

Sa pagdedeklara ng SIPS, sinasabing ibibigay na sa lokal na gubyerno at Philippine National Police (PNP) ang pagharap sa insurhensya mula sa dating tutok ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Kabahagi nito, bubuuin ang mga Integrated Territorial Defense System sa mga baryo bilang pangsuporta.

Sa kabila nito, nananatili ang AFP na nakatutok sa mga operasyon laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Sa Calabarzon, sa kabila ng deklarasyong SIPS, naitala ang pinakamalaking bilang ng pwersang panagupa ng AFP at PNP sa kasaysayan ng rehiyon. Ipinakat ang 32-34 batalyon sa saklaw nito at sa Mimaropa.

Tahasang ipinapahayag na magbubunga ang SIPS sa walang sagkang pagpasok ng dayuhang pamumuhunan at "kaunlaran" sa mga rehiyon. Pang-eengganyo ito para sa mapangwasak na mga operasyong mina, plantasyon, proyektong *renewable energy* tulad ng *solar* at *offshore windfarm*, at pagpapalit-gamit ng lupang pang-agrikultura. Lahat ito sa kapinsalaan ng mga magsasaka at katutubong minorya.

Noong Hulyo 3, idineklara ang unang distrito ng Northern Samar bilang SIPS. Kasabay nito, ilalarga sa distrito ang San Isidro Wind Project at isang *tidal energy plant*. Iraratsada rin ang Samar Unity Roads na tatagos sa tatlong prubinsya ng Samar Island at magpapadali sa pagkawasak ng Samar Island Natural Park. Sa bayan ng Bonbon, ibinukas ang 5,000 ektaryang lupang pang-agrikultura para sa produksyon ng pang-eksport na niyog.




**Gumuguhong ilusyon**

Sa kabila ng ipinagmayabang ni Marcos na "wala nang grupong gerilya" noong nakaraang taon, patuloy na nakakasagupa ng mga yunit ng AFP ang BHB sa iba't ibang prubinsya. Sa tala ng Ang Bayan, nagkaroon ng mga armadong labanan sa pagitan ng BHB at ng AFP, PNP at grupong paramilitar sa 26 na mga prubinsya sa saklaw ng 12 rehiyon sa bansa.

Maliban sa alingawngaw ng mga armadong aksyon, tuluy-tuloy ang pag-ugat ng Partido sa mga barangay, bayan, distrito, prubinsya at rehiyon. Isinaayos at itinatayo nito ang mga sangay, yunit at komite sa iba't ibang antas.

Aktibo ring nagpalakas at kumilos ang mga alyadong organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines. Naitala ang mga aktibidad nila sa National Capital Region at pitong mayor na mga syudad at sentrong bayan sa bansa, at maging sa ibayong dagat. Ilan sa mga organisasyon ng NDFP ay nakapaglunsad ng pambansang kongreso, at nagtipon sa mga kumperensya at pangkalahatang asembliya. Tuluy-tuloy silang tumutungo sa kanayunan para lumahok sa armadong paglaban.

Saanman mayroong pang-aapi at pagsasamantala, umuusbong at yumayabong ang rebolusyonaryong paglaban ng malawak na masa ng sambayanan para makibaka at ipaglaban ang kanilang mga karapatan at kagalingan. Ang mga pakikibakang ito sa lahat ng panig ng bansa ang pumupunit sa deklarasyong SIPS ng AFP, NTF-Elcac at ng rehimeng Marcos. AB

# Ang madugong rekord ni Gen. Romeo Brawner Jr

Magreretiro sa Hulyo 21 si General Romeo Brawner Jr, hepe ng Armed Forces of the Philippines (AFP), matapos ang mahigit apat na dekada ng pagiging utusang pasista ng reaksyunaryong estado. Sa kanyang pag-alis, maaalala siya bilang kriminal sa digma, burukratang kapitalista sa militar, at masugid na asong pasista ng imperyalismong US.



Mahaba ang listahan ng krimen ni Brawner sa sambayanang Pilipino. Habampanahon siyang sisingilin ng mga pinagkakautangan niya ng dugo, at hahabulin ng katarungang bayan.

**Mersenaryo ng US**

Buong buhay na masigasig na tagasunod si Brawner ng mga dikta ng US. Bilang hepe ng AFP, binuo niya ang Comprehensive Archipelagic Defense Concept para magsilbi diumano sa "mapayapang" eksplorasyon sa *exclusive economic zone* ng Pilipinas. Sa aktwal, hinango ito sa "Archipelagic Defense Strategy" ng militar ng US na nakatuon sa pagpigil sa China sa Western Pacific, partikular sa tinatawag na "first island chain."

Walang kahihiyan siyang namalimos ng armas at ayudang militar para sa "pagpapaunlad" ng pambansang depensa. Nanguna siya sa pagbili ng armas para sa "modernisasyon" ng AFP, kabilang ang ATMOS 2000 *howitzers*, Sabrah *light tank, Typhon missile system,* at iba't ibang *drone*, kasama ang iba pang kagamitang pandigma na pasan ng mamamayan ang gastos.

Bilang masunuring aso ng US, lalo niyang pinaigting ang tensyon sa pagitan ng Pilipinas at China sa pamamagitan ng mga pahayag na anti-China. Noong 2025, hinimok niya ang AFP na "maghanda" sa posibilidad ng pagsalakay ng China sa Taiwan, at ipalagay na "nasa digma" na ang bansa. Katwiran niyang kailangang "iligtas" ang 250,000 Pilipinong nagtatrabaho sa Taiwan kapag nangyari ito.

Sa gitna ng alitan nina Ferdinand Marcos Jr at ng kampong Duterte, sinamantala ni Brawner ang sitwasyon upang itulak ang pagtaas ng badyet ng AFP. Iginiit niyang "kulang" ang sweldo ng mga sundalo. Bunga nito, itinaas ang alawans sa pagkain mula ₱150 tungong ₱350, at dinagdagan pa nang 15% ang batayang sahod ng mga sundalo at iba pang unipormadong tauhan para sa 2026–2028.

**Duguang kamay**

Tigmak ng dugo ang rekord ni Brawner. Libu-libong magsasaka, katutubo, at Moro ang pinaslang, nawalan ng kabuhayan, at napalayas sa kanilang lupain dulot ng mga operasyong militar na kanyang pinamunuan sa Visayas at Mindanao —sa ngalan ng mga kumpanya sa mina, burgesyang kumprador, at dayuhang mga korporasyon.

Isang kriminal sa digma si Brawner dahil sa kanyang pananagutan sa pagpaslang kay Jorge Madlos (Ka Oris), dating tagapagsalita ng BHB. Nadakip nang buhay si Madlos noong Oktubre 30, 2021 sa Impasug-ong, Bukidnon, at sadyang pinatay, sa utos ni Brawner bilang pinuno noon ng 4th ID. Upang itago ang ebidensya ng tortyur, ipinag-utos niya ang agarang pag-*cremate* sa bangkay ni Madlos at ng kanyang kasama.

Sa sumunod na taon, dinakip nang buhay, tinortyur, sadyang pinaslang at pinalabas na nasawi sa labanan, sina Pedro Codaste (Ka Gonyong) at Ka Sandro noong Enero 2022, at sina Vincent Isagani Madlos (Ka Yuno) at Glorivic Belandres (Ka Layka) noong Setyembre 2022. Si Ka Yuno ay anak ni Ka Oris.

Siya rin ang nag-utos sa sunud-sunod na mga *aerial bombing* sa Bukidnon, Misamis Oriental, at mga prubinsya ng Surigao at Agusan na naghasik ng lagim sa mga magsasaka at minoryang mamamayan.

**Kasaysayan ng pasismo**

Nagmula si Brawner sa pamilya ng mga sundalo at kawani ng gubyerno sa Baguio City. Nagtapos siya sa Philippine Military Academy bilang bahagi ng "Makatao" Class of 1989 at pumangalawa sa klase. Isa rin siyang *alumni* ng US Army War College, institusyong pinatatakbo ng US Department of Defense para sanayin ang matataas na upisyal militar.

Sa Philippine Army, humawak siya ng iba't ibang pusisyon mula sa pamumuno ng platun hanggang dibisyon sa Nueva Ecija, Samar, Leyte, Bohol, Cebu, Agusan del Norte, Agusan del Sur, Surigao del Sur, at Davao.

Noong 2017, naging *deputy commander* siya ng Task Force Ranao at kalauna'y tagapagsalita ng Task Force Marawi. Noong 2018, naging kumander siya ng 103rd Infantry Brigade at nangasiwa sa "rehabilitasyon" ng Marawi. Noong 2021, itinalaga siyang kumander ng 4th ID, at noong 2023 ay naging Chief of Staff ng AFP.

# 2016 PCA *arbitral ruling*, winawaldas ng papet na rehimeng Marcos

Sampung taon na noong Hulyo 12 ang desisyon ng Permanent Court of Arbitration (PCA) na naggawad ng mga karapatang pandagat sa Pilipinas sa kanyang *exclusive economic zone* o EEZ nito sa pinagtatalunang bahagi ng South China Sea (SCS). Nakabatay ang desisyon sa United Nations Convention on the Law of the Seas. Subalit imbes na maging instrumento para mapayapang lutasin ang mga sigalot, at magamit para sa paglinang ng Pilipinas sa rekursong pangkaragatan nito, winaldas ito ng magkasunod na rehimen alinsunod sa kani-kanilang pansariling interes.

Sa panahong nakaupo si Rodrigo Duterte sa poder, binalewala ito sa hangaring maghabol sa China ng pabor at suportang pampulitika para sa kanyang pamilya at pangkatin. Sa ilalim naman ni Ferdinand Marcos Jr, iwinasiwas ito para painitin ang sitwasyon sa karagatan, alinsunod sa plano ng kanyang imperyalistang among US. Kapalit nito ang suporta ng US para sa kanyang pangkatin at kinamumuhiang pamilya.

Sa nagdaang apat na taon, ginamit ni Marcos ang desisyong ito upang bigyang matwid ang pagbibigay-daan sa US na maglatag ng paparaming mga base militar, mag-imbak ng mga misayl at armas at magpakat ng libu-libong tropa sa Pilipinas. Bahagi ito ng estratehiya ng US na "pigilan" ang paglawak ng kapangyarihan ng China. Ito ngayon ang pinakamalaking sagka para makamit ang mapayapang resolusyon ng hidwaan sa karagatan. Lalo nitong pinahirapan ang mga mangingisdang Pilipino na malayang makapaglayag at makabalik sa kanilang tradisyunal na pangisdaan.

**Agresibong mga maniobra ng US sa South China Sea**

Sa nakaraang taon, naging maigting at agresibo ang mga operasyon ng US at mga alyado nito sa South China Sea para sulsulan ang hidwaan sa pagitan ng Pilipinas at China. Walang patid ang pagrerekonaysans ng mga barkong pandigma at eroplanong pambomba nito hindi lamang sa SCS, kundi pati sa East China Sea at Taiwan Strait. Dumalas ang paggamit ng US ng mga *unmanned aerial vehicle* o mga *drone* para magmanman ng mga aktibidad at hamunin ang mga pwersa ng China. Dumami rin ang ginamit nitong *unmanned sea vehicle* para sa sarbeylans at bilang integral na bahagi ng mga operasyon nito sa dagat.

Alinsunod sa mga ulat, siyam na beses nagsagawa ng mga operasyon ang mga barkong pandigma ng US sa SCS noong 2025. Di bababa sa 12 submarino ang ipinalayag nito sa lugar sa parehong panahon. Isa rito ang USS Ohio na "nag-opereyt" mula sa Subic Bay sa Zambales sa halos buong taon.




Umabot sa 1,200 "sortie" o operasyon sa himpapawid ang inilunsad ng US sa SCS. Malaking bahagi nito o 450 (1-2 kada araw) ay mula sa Pilipinas, partikular sa Basa Airbase sa Clark, Pampanga na ginawa nitong "drone base" ng Aerial Vehicle Squadron 1. Dito pinalilipad ng US ang mga MQ-9A *repear drone* para manmanan at paigtingin ang tensyon sa Scarborough Shoal at Spratly Islands.

Sa parehong panahon, nagsagawa ang US ng malalaking *war games*, kung saan inensayo ng mga tropa nito, kasama ang mga tropang Pilipino at iba pa, ang mga maniobrang "archipelagic defense" at "distributed operations" o mabilis na paglilipat-lipat ng mga gamit at tropa sa karagatan at pagitan ng mga isla.

Nitong 2026, walong *multilateral* na paglalayag ang isinagawa ng US sa karagatan ng Pilipinas, kasama ang mga barkong pandigma ng Australia, Japan at iba pa, sa unang anim na buwan pa lamang ng taon.

**Patriyotismong nakasalalay sa independensya**

Noong Hulyo 13, nagprotesta ang mga mangingisda at iba pang patriyotikong sektor sa embahada ng US para batikusin ang imperyalismong US bilang "aktwal na banta" sa pambansang soberanya sa Pilipinas. Bahagi ang pagkilos sa komemorasyon sa ika-10 taong anibersaryo at paggigiit sa 2016 PCA *ruling.*

Binatikos ng mga sektor ang paggunita ng rehimen sa desisyon na nakasentro lamang sa pagbatikos sa

*Sundan sa pahina 7*

# Pangangamkam sa lupang ninuno para sa gamit-militar, nilalabanan

Tinatayang 3,000 katutubong Aeta mula sa limang barangay ang nagmartsa sa Capas, Tarlac noong Hulyo 14 para batikusin ang pangangamkam sa kanilang lupang ninuno at dinaranas na panggigipit mula sa Philippine Air Force (PAF). Kasabay nilang binatikos ang pang-aagaw sa kanilang lupang ninuno para sa pagpapalawak ng New Clark City sa pangangasiwa ng Bases Conversion and Development Authority (BCDA).

Nagmartsa ang mga Aeta mula sa Barangay O'Donnell tungo sa isang tsekpoynt papasok ng Colonel Ernesto Ravina Air Base (CERAB), isang reserbasyong militar, sa Barangay Santa Juliana. Nagpahayag ng suporta sa kanila ang mga pambansa-demokratikong grupo sa Central Luzon.

Pinagbawalan ng PAF ang naturang mga komunidad na magtayo at magkumpuni ng mga tahanan. Hinigpitan ang kanilang suplay ng tubig at kuryente, at pinigilan ang pagpasok ng tulong at iba pang serbisyo. Kaugnay ito ng planong pagtatayo sa erya ng Joint Training Complex ng mga tropang Pilipino at Amerikano.

Ayon sa mga katutubo, hindi kinuha ang kanilang *free, prior and informed consent* para dito. Palalayasin ang mga residente sa 18,000 ektaryang lupain ng *military complex* sa mga barangay ng Santa Juliana, O'Donnel (Patling), at Santa Lucia.

Samantala, patuloy ang BCDA sa konstruksyon ng mga kalsada na sumisira sa mga sakahan, lupang ninuno, at kalikasan para sa New Clark City. Inaasahan ng mga Aeta na lalo pang babagsik ang pagpapalayas dahil bahagi ng pagpapalawak nito ang pagtatayo ng US ng isang *economic security zone* na may "artificial intelligence hub," mga *data center* at iba pang imprastruktura sa balangkas ng inisyatibang Pax Silica.

Noong Hulyo 14, inianunsyo mismo ng US Embassy sa Pilipinas ang pagbisita ni US Ambassador Lee Lipton sa lugar na pagtatayuan ng naturang mga proyekto sa *economic security zone*. Ang naturang sona ay kanugnog lamang ng Joint Training Complex at bahagi ng mga *military* at *economic hub* gaya ng Subic Ammunition Factory at Agila Shipyard, Basa Airbase, Fort Magsaysay Military Reservation, at APECO Defense Hub. AB

# Pax Silica: Pahamak sa manggagawang Pilipino

Habang sinusunggaban ng mga tutang tagakahol ng rehimeng US-Marcos ang sigalot sa South China Sea, abala naman ang mga upisyal nito sa pagbubukas ng “economic security zone” sa balangkas ng Pax Silica na minamadali na ng US. Nitong Hulyo, inianunsyo ng rehimen ang pagpasok ng Foxconn bilang “anchor investor” o susing mamumuhunan sa itatayong engklabo. Itinuturing ang Foxconn (kilala rin bilang Hon Hai Precision Industry Co., Ltd.) bilang pinakamalaking kumpanyang gumagawa ng mga produktong elektroniko na nag-aasembol ng mga produkto para sa Apple, Amazon, Microsoft, at Sony.

May mahabang rekord ng labis na pang-aabuso, sobra-sobrang pagpapatrabaho sa mga manggagawa at di-makataong kundisyon sa paggawa ang Foxconn sa China at India. Karaniwan ang 80-100 oras na obertaym bawat buwan. Bawal ang magsalita o gumamit ng banyo nang labas sa itinakdang oras. Nageempleyo din ito ng mga estudyante bilang "interns" na sinasahuran ng mas mababa pa sa minimum, at pinagtatrabaho sa mga gawaing walang kinalaman sa kanilang pinag-aaralan.

Sa India, pinigilan ng kumpanya ang pagbuo ng mga independiyenteng unyon. Sahod-alipin ang ibinibigay ng kumpanya sa mga manggagawa at hindi ito nagbibigay ng maayos na tirahan.

Sa kabilang banda, tatamasa ang Foxconn ng espesyal na mga insentiba, *tax break* at iba pang pabor. Alinsunod sa napagkasunduan na sa pagitan ng US at Pilipinas, hindi ito magbabayad ng upa sa loob ng unang dalawang taon ng kanilang operasyon dito.

Makikinabang din ito sa minamadali ngayon na paghuhukay ng di bababa sa 20 balon sa tatlong baryo sa Tarlac na hihigop sa rekursong tubig ng katutubong mamamayan at magsasaka sa lugar. Gayundin ang itinatayong *grid* para sa 5-*gigawatt* na pangangailangang kuryente ng engklabo. AB

*Mula sa pahina 6*

China habang ipinagtatanggol ang mas malalaking paglabag ng US sa soberanya ng bansa. Inengganyo ng mga pagdiriwang ng rehimeng Marcos ang sentimyentong kontra-Chinese. Ito ay habang itinatago o nananahimik sila sa laki ng presensya at dalas ng mga mapanghamong mga operasyon ng US sa SCS. Pilit nilang pinalalabas na “kaibigan” ang pahamak na mga dayuhang tropa, at kinakabig ang mamamayang Pilipino para suportahan ang imperyalistang gerang nais pasiklabin ng US.

Pinaka-aktibo sa huwad na patriyotikong mga aktibidad na ito ang Atin Ito Coalition ng maka-US na Akbayan Party-list. Habang binabatikos ng koalisyon ang China, katulong ito sa pagkukubli sa direktang presensya ng tropang Amerikano at mga *war games* nito sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. AB


# SA MADALING SALITA

## Mga paglabag sa karapatang-tao ng rehimeng US-Marcos
(Hunyo 30, 2022 – Hunyo 30, 2026)

Bilang ng mga biktima:
**775,082**

Bilang ng mga kaso:
**4,163**

| Pagpaslang | Pagdukot | Pamimilit |
|---|---|---|
| 324 | 294 | 2,494 |
| **Bigong pagpaslang** | **Pag-aresto at detensyon** | **Sapilitang pagbabakwi at dislokasyon** |
| 118 | 932 | 92,569 |
| **Tortyur** | **Pananakit** | **Pagpamahug, paggpang-ipit, intimidasyon** |
| 500 | 568 | 175,075 |




## ₱8 BILYON


ang hinihinging badyet ng Department of Education **para dagdagan ang mga gwardya sa paaralan** pero walang tugon sa hinihinging dagdag na mga guro at *guidance counselor* para harapin ang serye ng karahasan na naganap sa loob ng mga eskwelahan.




na sinarbey sa Bais Bay sa Tañon Strait Protected Seascape ang **dinatnang patay**, resulta ng pagtatambak ng 255,000 metro kubikong nakalalasong tubig ng Universal Robina Corporation noong Oktubre 2025.




o 4% ng GDP ang nais ilaan ni Defense Sec. Gibo Teodoro sa **pwersang militar ng Pilipinas**. Tugon ito sa dikta ng mga upisyal ng US, na nais gamitin ang AFP na makinarya sa imperyalistang gera nito sa Asia.




opereytor at mangingisda sa Ramon, Isabela ang **nalugi dahil sa malawakang *fishkill*** sa mga palaisdaan sa Magat Dam sa Isabela, Cagayan Valley, dulot ng kakulangan ng *oxygen* sa tubig na pinalala ng madalang na ulan at matinding init dahil sa El Nino.

## 446

**Palestinong manggagawang pangkalusugan,** kabilang si Dr. Hussam Abu Safiya, ang iligal na inaresto, ikinulong at ipinaiilalim sa brutal at di makataong pagtrato ng Zionistang Israel mula Oktubre 2023; 1,700 katulad nila ang pinatay ng pasistang rehimen sa parehong panahon.

## 150

lokal na pamahalaan sa 40 estado sa US ang **nagpataw ng moratoryum sa konstruksyon** ng mga "AI hub" (katulad ng itatayong Pax Silica hub sa Tarlac) dahil sa sobra-sobrang tubig, enerhiya at iba pang rekursong nilalamon ng mga ito.

# Ang lumulubhang kalagayan ng mga magsasaka ng palay sa Southern Tagalog

Problemado si Gale, isang magsasaka sa Southern Tagalog, kung saan siya makahahanap ng trabaho tuwing natatapos ang pagtatanim ng palay lupa ng isang panginoong maylupa sa kanilang baryo. Anim na buwan lamang ang trabaho niya dito: Hunyo-Agosto at Disyembre-Pebrero. Labas dito, obligado siyang maghanap ng ibang mapagkakakitaan para buhayin ang kanyang pamilya. Hiwalay siya sa asawa at siya lamang ang nagtataguyod sa kanyang anak na bata pa.

Bahagi si Gale ng grupo ng mga manggagawang-bukid sa kanyang baryo na nakapailalim sa sistemang “kabesilya.” Ang kabesilya ang nagsisilbing “labor contractor” o tagahanap ng manggagawang-bukid para sa mga trabahong ipagagawa ng panginoong maylupa. Hawak nila ang apat hanggang 20 manggagawa, depende sa laki ng ipatatrabahong lupa. Lumalahok din sila sa produksyon pero may dagdag na bayad sa bawat tao makukuha nila bilang trabahante. Sa baryo ni Gale, may bayad ang kabesilya na ₱10 kada tao na matitipon niya para sa isang trabaho.

Tulad ni Gale, bahagi ng sistemang kabesilya si Frank. Pareho nilang iniinda ang sistema ng pasahod na pakyawan, kung saan tumatanggap lamang ng ₱480 kada tao kada ektarya. Sa palayang pinagtatrabahuan nila, 10 katao ang kailangan kung lokal ang binhi, habang 15 katao kung *hybrid* ang binhi. Karaniwang nasa ₱300-₱400 (₱700 pinakamataas) ang naiuuwi ni Gale bilang magtatanim. Nagsisimula ang trabaho nila ng 5:30 ng madaling araw at natatapos alas-8 o alas-9 ng umaga.

Sa panahong walang taniman, namamasukan si Gale bilang *caretaker* ng isang resort kapalit ng libreng “pagpapatira” sa kanya at kanyang anak dito. Wala siyang sahod liban sa pana-panahong “komisyon” kung may dumayo sa resort. Ang ibang kababaihan na kasama niya sa sistemang kabesilya ay namamasukan bilang labandera, kasambahay o tindera. Para makaagapay, ilan sa kanila ang nagtitinda ng pagkain tulad ng ihaw-ihaw at meryenda o kung may kaunting kapital, nagbubukas ng maliliit na tindahan. Karaniwang kumikita sila ng ₱180-600 sa paglalaba, depende sa dami, habang ₱200-350 kada araw sa pamamasukan. Samantala, ang kalalakihan tulad ni Frank ay nagtatrabaho bilang *construction worker* sa mga karatig lugar habang ang iba ay kumikita sa pamamasada ng traysikel.


Pamimitas ng sampaguita ang isa ring karaniwang kabuhayan tuwing walang taniman. Kumikita sila dito ng ₱10-50 kada tabo, depende sa panahon at presyo ng sampagita. Sa panahong malamig ang klima, bihira ang butil ng sampagita kaya mas mahal ang presyo nito habang mas marami at mas mura ang butil sa panahon ng tag-init.

**Kawalan ng hanapbuhay sa kanayunan**

Kabilang sina Gale at Frank sa halos isang milyong nawalan ng hanapbuhay sa agrikultura noong Mayo. Ayon sa huling Labor Force Survey ng reaksyunaryong gubyerno, aabot sa kabuuang 905,000 ang nawalan ng trabaho sa agrikultura, na isang salik sa tantos ng disempleyo na 4.8% o humigit-kumulang 2.5 milyong Pilipino noong Mayo. Ang agrikultura at kagubatan (*forestry*)—na bumubuo ng 16.8% ng kabuuang empleyo—ay nabawasan ng 392,000 trabaho kumpara noong Mayo kumpara sa nakaraang taon. Nawalan din ng 155,000 trabaho ang pangingisda at *aquaculture*. Pinakamatindi ang pagbagsak ng mga trabaho sa pagtatanim ng palay, na nabawasan ng 734,000 trabaho.

Idinadahilan dito ng rehimeng Marcos ang pabago-bagong panahon tulad ng El Niño at iba pang sakuna. Ang totoo, ipinapakita nito ang nagpapatuloy na kapabayaan ng reaksyunaryong estado, sa ngayon sa ilalim ng rehimeng US-Marcos, sa agrikultura at malawakang pangangamkam ng lupa sa mga magsasaka at katutubo.





**Rebolusyon ang sagot sa kawalang kabuhayan sa kanayunan**

Ayon sa Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid, hindi kataka-taka ang kalagayan ni Gale, Frank at milyun-milyong katulad niyang magsasakang walang sariling lupa na walang mapagpipilian

*Sundan sa pahina 10*

**Balik-trabaho sa 800 manggagawa ng San Miguel Corp, panawagan.** Nagkasa ng kilos-protesta ang mga manggagawa ng San Miguel Integrated Logistics Services Inc ng San Miguel Corporation noong Hulyo 4 para igiit ang agarang pagbabalik ng humigit-kumulang 800 empleyado ng kumpanya na biglaang tinanggal sa trabaho. Inilagay ang mga manggagawa sa "floating status" na walang sahod at benepisyo matapos umanong matalo ang kumpanya sa bidding para sa mga operasyon nito sa bodega, transportasyon, at *bundling*.

**CBA ng mga superbisor sa PLDT, naipanalo.** Matagumpay na naisara ng Gabay ng Unyon sa Telekomunikasyon ng mga Superbisor ang pakikipagnegosasyon nito sa maneydsment ng PLDT Inc. para sa isang bagong *collective bargaining agreement* matapos maglunsad ng serye ng mga kilos-protesta sa buong bansa. Nakamit ng unyon ang makabuluhang dagdag-sahod at karagdagang mga benepisyo sa kabila ng "garapalang pagpapatagal" ng maneydsment sa negosasyon.

**Laban para sa paninirahan sa UP Diliman.** Nagbarikada ang mga residente, magsasaka at iba pang sektor sa pamumuno ng SAMANA Diliman noong Hulyo 8 upang pigilan ang pagpasok ng mga tauhan ng unibersidad na nagbabanta ng demolisyon. Panawagan nilang ibasura ang UP Sustainable Development Goals (SDG) Park at negosyong pabahay. Samantala, walang naabot ang dayalogo ng grupo sa mga upisyal ng UP noong Hulyo 14. Kasabwat ng unibersidad at estado ang Megawide Corporation sa kontra-mahirap na proyekto.

**Hustisya para sa Talaingod 13.** Nagtungo sa Department of Justice noong Hulyo 15 ang mga progresibong grupo, guro, at tagapagtanggol ng karapatang-tao upang ipanawagan ang pagbawi sa hindi makatarungang hatol laban sa "Talaingod 13." Kasabay nito, idineklara ang araw bilang "Global Day of Action to Defend Talaingod 13" na nilahukan ng iba't ibang organisasyon sa loob at labas ng bansa.

**Pagbasura sa permit sa eksplorasyon ng NLMRC.** Nagprotesta ang mahigit 80 katutubo sa Kasibu, Nueva Vizcaya sa pangunguna ng Inter-tribal Response towards Ecological Development sa mga upisina ng Mines and Geosciences Bureau at Department of Environment and Natural Resources sa Quezon City, noong Hulyo 14. Panawagan nila ang pagbasura sa permit sa eksplorasyon ng North Luzon Mineral Resources Corporation.

**Anibersaryo ng sapilitang pagkawala nina Fr. Romano at Ybañez.** Nagtipon ang iba't ibang progresibong grupo noong Hulyo 11, sa Katipunan Street sa Barangay Tisa, Cebu City, upang gunitain ang ika-41 anibersaryo ng sapilitang pagkawala nina Fr. Rudy Romano at Levi Ybañez. Si Fr. Romano ay isang paring Redemptorista at kilalang lider-maralita, habang si Ybañez, ay isang aktibistang magsasaka at mag-aaral.

**Alyansa kontra panggigipit ng kabataang-aktibista sa Mindanao.** Itinatag noong Hulyo 9 sa Davao City ang alyansang Hands Off Mindanao Youth Activists Network ng mga organisasyon ng kabataan, estudyante, at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao upang labanan ang tumitinding pampulitikang pang-uusig, *Red-tagging*, at panggigipit sa sektor. Binuo ang alyansa matapos maglabas noong Mayo ng "wanted poster" ng mga lider-kabataan sa Facebook ang Cateel Municipal Police Station.

**Grupong Marikeño kontra militarisasyon.** Itinatag noong Hulyo 15 ang alyansang Marikeños for Peace and Good Governance bilang pagtutol sa nagaganap na militarisasyon sa Marikina City, laluna sa mga maralitang komunidad. Kasalukuyang nag-ooperasyon at naglulunsad ng paulit-ulit na "community outreach" ang 12th Civil Military Operations Battalion sa Agora Compound, kasabay ng *Red-tagging*, pagmamanman at pamimilit sa mga residente na magtayo ng bagong organisasyon.

*Mula sa pahina 9*

kundi mamasukan sa iba't ibang hanapbuhay. Ang agrikultura sa Pilipinas ay lubhang atrasado, mababa ang produktibidad at walang kakayahang lumikha ng sapat na kabuhayan para sa populasyon sa kanayunan.

Sinasamantala ng mga panginoong maylupa ang laksa-laksang bilang ng mga manggagawang-bukid para ipako ang kanilang sahod (mas mababa pa sa pinakamababang minimum sa mga syudad), balewalain ang kanilang kagalingan at pagtrabahuin sila nang sobra-sobra. Lalong mas mababa ang kanilang kita sa pinapasok nilang panandaliang mga trabaho sa pagitan ng mga siklo ng pagtatanim.

Sa gitna ng laganap na kawalang kabuhayan sa kanayunan, wasto lamang na ipaglaban ang tunay na reporma sa lupa upang kamtin ang rebolusyonaryong pagbabago sa buhay ng masang magsasaka —na silang bumubuo ng mayorya ng mamamayang Pilipino. Ang Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa o RGRL ng Partido Komunista ng Pilipinas ang programa para palayain ang masang magsasaka sa pyudal at malapyudal na anyo ng pang-aapi at pagsasamantala. Nakasaad dito ang maksimum na programa ng libreng pamamahagi ng lupa, at ang minimum na programa ng pagtataas ng sahod ng mga manggagawang-bukid, pagpawi ng usura at iba pang hakbang.

Sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan makakamit ng sambayanang Pilipino ang kanilang mga demokratikong kahingian at karapatan, kabilang ang pagkakaroon ng lupa at nakabubuhay na sahod. AB

# Pagpapanday sa makauring pakikibaka ng mamamayang Amerikano

Lalong bumubulusok ang kabuhayan ng mamamayang Amerikano at nagdurusa sa lumalakas na pagbaling sa pasismo ng reaksyunaryong estado ng US na kinakatawan ni Donald Trump. Kasabay nito, umaalagwa ang walang-rendang panggegera at interbensyon ng imperyalismong US sa iba't ibang panig ng mundo.

Kahit sa minanipulang datos ng gubyerno ng US, naitala nito noong Nobyembre 2025 ang pinakamataas na tantos ng disempleyo (4.5%) mula 2021. Nasa 10.6% naman ang tantos ng kahirapan sa bansa noong 2024.

Sa pamumuno ni Trump, busog na busog sa supertubo ang malalaking korporasyong Amerikano sa pinansya, komersyo, langis, paggawa ng kotse, mga armas, gamot, mga kagamitang elektroniko at iba pa. Samantala, kabilaan ang pagpapatupad niya ng mga patakaran at hakbanging ultra-Kanan, rasista, pasista, kontra-demokratiko, kontra-imigrasyon, kontra-kababaihan, kontra-LGBT at ultra-nasyunalista.

Sa harap ng lumulubhang krisis sa ekonomya at pulitika, nagbubuklod at kumikilos ang mamamayang Amerikano para sa kanilang karapatan at kagalingan. Isa sa mga pampulitikang pwersa na nangunguna sa pagpapanday sa makauring pakikibaka ng mamamayang Amerikano ang Freedom Road Socialist Organization (FRSO).

Ang FRSO ay isang pambansang organisasyon ng mga rebolusyonaryong nagsusulong ng sosyalismo sa US. Nakikibaka ito para sa hustisyang panlipunan laluna para sa mga manggagawa, mga aping bayan at nasyunalidad. Aktibo rin ang grupo sa mga pakikibaka para sa karapatan ng mga imigrante, kabataang-estudyante at kampanyang kontra-gera. Nagpapalakas ito sa tunguhing magtatag ng isang partido komunista na ginagabayan ng Marxismo-Leninismo.

**Lapat sa pakikibakang masa**

Sa panayam ng Ang Bayan, isinaad ng FRSO na sa pag-oorganisa sa uring manggagawa at aping mga komunidad ay napakahalaga ng materyalistang pagtatasa sa kalagayan ng masa. Dapat umanong alamin ang kanilang kalagayan at kung ano ang antas ng kahandaan nila para baguhin ang kanilang sitwasyon. "Ito ang pundasyon ng paglalapat ng linyang masa at paglulunsad ng malalaking pagkilos," ayon sa FRSO.

Anito, sa hanay ng mga unyon, na organisadong seksyon ng uring manggagawa, sentro ng pagpapakilos nito ang sahod at kalagayan sa paggawa. Batayan rin ng pagpapakilos ang dinaranas na diskriminasyon ng mga manggagawa sa nasyunalidad at kasarian. "Sinisipat namin ang nararamdaman ng masa sa pamamagitan ng panlipunang pagsisiyasat—sa pakikipanayam namin sa kanila," pagbabahagi ng grupo.

Inaaral ng FRSO ang partikular na mga katangian ng bawat sektor sa kada erya ng paggawa. Halimbawa, mahalagang aralin ang magkakaibang batas na umiiral sa 50 estado na sumasaklaw sa mga unyon sa pampublikong sektor. "Kailangan naming unawain ang mga ito para mapamunuan ang unyon," ayon sa grupo.

Ibinahagi rin ng FRSO ang maganit na pakikipag-ugnayan sa ibang mga unyon dahil hindi handa ang mga ito na tumindig laban sa mga pag-atake sa uring manggagawa. "Kailangan naming makipagtunggali para ipwesto ang kilusang paggawa sa batayan ng makauring pakikibaka," anito.




Lagpas sa sektor ng paggawa, inihayag ng FRSO na mayroong nabubuong mga laban at kampanya sa hanay ng mga aping nasyunalidad, kababaihan, LGBT at iba pang sektor. Isa sa mga napamumunuan nitong kampanya ang paglaban sa Immigration and Customs Enforcement (ICE) at maramihang deportasyon.

"Matagal nang nakaugat ang FRSO sa kilusan para sa karapatan ng mga imigrante sa US, na nakapagbigay sa amin ng magandang bentahe para pamunuan ang mayor na mga pagkilos laban sa ICE at adyendang maramihang deportasyon ni Trump," salaysay ng FRSO. Dahil dito, marami umano ang namulat na hindi lamang ito simpleng rasista at di makatarungan, kundi monopolyo-kapitalistang pang-aapi na dinaranas kapwa ng mga manggagawang Amerikano at imigrante.

**Pakikipagkaisa sa mga pwersang kontra-Trump**

Malaking hamon sa paglaban ng mamamayang Amerikano ang saklaw at tindi ng mga pag-atake ni Trump. "Napakarami at napakalawak, kaya nagiging imposible ang pagpapaunlad ng mga kampanya o paglaban sa lahat ng mga ito," ayon sa FRSO. Gayunman, ayon sa grupo, ang tumitinding mga kontradiksyong ito sa US ay napakainam na sitwasyon para sa mga rebolusyonaryong tulad nila na sumulong at magpalakas.

"Nagpapaunlad kami ng isang malapad na prente laban sa adyenda ni Trump," anito. Nangangahulugan ito na dapat handa ang

*Sundan sa pahina 12*

## Militarisasyon ng AFP sa Occidental Mindoro, Northern Samar at Sultan Kudarat

WALANG-PUKNAT ANG MGA paglabag sa karapatang-tao ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa gitna ng malawakang militarisasyon ng mga yunit nito sa kanayunan. Sa kasagsagan ng mga operasyong kombat at okupasyong militar nito, naitala ang mga kaso ng pagpaslang, pagkakampo sa mga sentrong lungsod, panghaharas at panggigipit sa mga residente sa mga barangay ng Occidental Mindoro, Northern Samar at Sultan Kudarat.

Sa Occidental Mindoro, pinaslang ng 203rd IBde ang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro (Lucio de Guzman Command) si Anhing Ingayan Da-it (Ka Oca) noong Hulyo 9 sa Sityo Santo Cristo, Barangay Lourdes, Magsaysay. Nadakip nang buhay ng mga sundalo ang sugatang si Da-it matapos ang isang labanan. Sa halip na arestuhin at gamutin bilang paggalang sa kanyang mga karapatan, walang pakundangan siyang pinaslang ng mga pasistang berdugo. Matapos nito, hinigpitan ng militar ang kilos at mga aktibidad ng mga residente sa komunidad.

Sa Northern Samar, ipinailalim sa interogasyon ng 19th IB at 43rd IB ang dalawang magniniyog sa Barangay Cuenco at Caputoan sa Las Navas noong Hulyo 8. Nang walang makuhang impormasyon, pinagbubugbog sila at pinahirapan sa pamamagitan ng pagpapaikot-ikot hanggang sa mahilo. Hindi sila agad na pinakawalan dahil hindi kaagad nakumpirma ng mga sundalo ang pagkakakilanlan ng mga biktima. Noong Hulyo 9, sapilitang pinapunta ang ilang residente ng Barangay Caputoan sa hedkwarters ng 19th IB sa Barangay Opong, Catubig.

Sa Sultan Kudarat, nakakampo ang mga sundalo ng 37th IB, 57th IB, at 40th IB sa mga barangay ng Hinalaan, Datu Wasay, at Sangay sa Kalamansig. Matapos isagawa ang operasyong kombat na laking-brigada noong Mayo, inokupa nila ang mga komunidad sa tabing ng *community support program operation*.

Habang nakakampo, pinagbabawalan ng mga sundalo ang mga residente na pumunta sa gubat para tingnan ang kanilang mga patibong (sa baboy-ramo at usa) na alternatibo pangkabuhayan. Idinidikta rin nila ang oras ng pagpunta ng mga magsasaka sa mga sakahan. Nagpatawag din ang mga sundalo ng mga "pulong-pulong" para pagbantaang kakasuhan ang mga residente na tumutulong sa BHB. Kinausap din ng mga sundalo ang pamilya ng pinagdududahan mga pultaym na Pulang mandirigma at pinagbabantaang ipakukulong nang dalawang taon.

*Mula sa pahina 11*

FRSO na makipagtulungan sa iba't ibang pwersa kabilang ang mga hindi nito kasundo sa pulitika at ideolohiya. "Sa ganito, nabubukas ang landas sa pag-abot sa milyun-milyong masa."

Sa tindi ng mga patakaran at hakbang ng rehimeng Trump, milyun-milyong Amerikano na ang nagtungo sa lansangan sa nagdaang dalawang taon para labanan ang mga ito. Layunin diumano ng FRSO na palakasin ang paglaban hanggang maging "ungovernable" o hindi mapamahalaanan ni Trump ang US.

**Pagpapalakas sa anti-imperyalistang pakikibaka**

Ginagampanan din ng FRSO ang tungkulin nitong makipagkaisa sa mamamayan ng buong daigdig sa pagpapalakas sa anti-imperyalistang pakikibaka sa pusod ng imperyalismo. Naniniwala ang grupo na mula sa Palestine hanggang sa Pilipinas, lahat ng mga aping mamamayan ng daigdig at ang uring manggagawang Amerikano ay mayroong iisang kalaban: ang imperyalismong US. "Kaya naman, seryoso naming tinatanganan ang tungkuling labanan ang imperyalismong US," anito.

Sa maraming syudad sa US, namumuno at kumikilos ang mga kadre ng FRSO sa mga organisasyong masang kontra gera na patuloy na lumalakas. Aktibong nagpakilos ang FRSO laban sa panggegera at interbensyon ng US sa Venezuela, Iran at Cuba. "Ang pagbigwas sa komun na kaaway na ito ay kinakailangan, at ito ang praktikal na paglalapat ng proletaryong internasyunalismo," ayon sa FRSO.

Ibinahagi ng grupo na malaki ang naiambag ng pamumuno nito sa mga anti-imperyalistang pakikibaka sa pagsisikap nito sa pagbubuo ng partido. Maraming bagong kadre ang narekrut mula sa pinakaabanteng lider ng kilusang masang ito, anang grupo.

"Napakaraming mga pagsubok, ngunit marami rin ang mga posibilidad," pahayag ng FRSO. AB

## Welga sa pabrika ng asukal sa US

NAKIISA ANG MGA pambansa-demokratikong grupo ng mga Pilipino sa welga ng mga manggagawa ng C&H Sugar Refinery sa Crockett, Contra Costa County, California.

Ang C&H (California & Hawaii) Sugar ay pagmamay-ari ng American Sugar Refining Group, ang pinakamalaking tagaproseso at tagabenta ng asukal mula sa tubo sa buong mundo, kabilang ang sa Negros Island. Isa ito sa mga korporasyong may monopolyo ng asukal sa US. Kumikita ang kumpanya ng halos $1.6 bilyon mula sa pag-aangkat ng murang di pa naprosesong asukal.

Noong Hunyo 15, nagwelga ang nasa mahigit 100 manggagawa ng C&H Sugar bilang pagkundena sa anti-manggagawang mga plano ng kumpanya. Bahagi sila ng International Longshore & Warehouse Union Local 6.